INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

# KATUMBAS NG KAPUTOL NA LAPIS

ni: WELMA L. SOLIS

## KABANATA 1

### Ang Pangalang Ipinagkaloob

**Taong 1949.**

Walang mapagsidlan ng tuwa ang mag-asawang Perpetua at Gorio sa pagsilang ng kanilang pangatlong anak—isang sanggol na babae na pinangalanan nilang Consuelo.

Bago isinilang ang sanggol, mayroon na silang dalawang anak—si Antonia, ang kanilang panganay na maagang pumanaw, at si Eugenio, na noo'y apat na taong gulang nang isilang ang bago niyang kapatid.

Ngunit bago pa man dumating si Consuelo sa kanilang buhay, marami nang mabibigat na pagsubok ang pinagdaanan ng mag-asawa.

Hirap na hirap silang itaguyod ang kanilang pamilya sa gitna ng kahirapan.

Ilang taon ding naging gerilya si Gorio noong panahon ng pananakop ng mga Hapones at minsang naibilanggo.

Halos araw-araw siyang dinadalaw ni Perpetua upang dalhan ng pagkain.

Madalas ay kasama niya ang **musmos na si Antonia**.

Bibo ang bata.

Mataba, kulot ang buhok, at madaling mapangiti.

Mabait naman ang sundalong Hapones na nagbabantay.

Habang nakikipag-usap si Perpetua sa kanyang asawa, madalas nitong hiramin si Antonia upang makipaglaro rito.

Ngunit makalipas ang ilang panahon, dinapuan ng matinding karamdaman si Antonia.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VIII, Issue I**
**August 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Dalawang taong gulang pa lamang siya nang bawian ng buhay.

Ang kanyang pagpanaw ay nag-iwan ng sugat sa puso ng mag-asawa na hindi madaling maghilom.

Dumanas muna ng ilang taon ng matinding kalungkutan sina Perpetua at Gorio dahil sa pagkawala ng kanilang panganay na anak.

Lumipas ang panahon.

Muling nagdalang-tao si Perpetua.

At sa pagsilang ng isa pang sanggol na babae, tila muling nagbalik ang pag-asa sa kanilang pamilya.

Tatlong linggo na ang lumipas mula nang isilang ang sanggol, ngunit wala pa rin silang mapagkasunduang ipapangalan dito.

**Gorio,"** wika ni Perpetua habang karga ang sanggol, **"ano bang ipapangalan natin kay bunso?"**

**"Sandali lang, nag-iisip pa ako ng magandang pangalan,"** nakangiting sagot ni Gorio habang papasok sa kanilang kasilyas na may tabing na palapa.

Ilang saglit pa'y bigla itong napasigaw.

**"Tuwa!"**

Palayaw iyon ni Perpetua.

Nagulat siyang napalingon.

**"Bakit?"**

**"Alam ko na ang ipapangalan sa anak natin!"**

Dali-daling lumabas si Gorio sa kasilyas, bakas sa kanyang mukha ang pananabik.

**"Ano nga?"** tanong ni Perpetua.

**"Consuelo."**

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Napangiti si Perpetua.

**"Consuelo..."**

Marahan niyang inulit ang pangalan habang pinagmamasdan ang kanyang sanggol.

Tila ba iyon na ang pangalang matagal na nilang hinahanap.

Ngunit hindi alam ng mag-asawa na balang araw, ang munting sanggol na iyon ang magbabahagi ng kuwento ng kanyang buhay—isang kuwentong ipapamana rin sa mga susunod na henerasyon.

## KABANATA 2

### Sa Gitna ng Kahirapan

Malaki ang agwat ng edad nina Gorio at Perpetua.

Bago naging asawa si Perpetua, balo na si Gorio at may lima na itong anak sa kanyang unang asawa. Sa paglipas ng mga taon, nagkaroon na rin siya ng mga apo. Ang ilan sa mga ito ay halos kasing-edad na nina Eugenio, Consuelo, at Mariano.

Sa pagsasama nina Gorio at Perpetua, apat ang naging anak nila—sina Antonia, Eugenio, Consuelo, at Mariano. Ngunit maaga silang naulila sa panganay na si Antonia, kaya tatlo na lamang ang lumaking magkakapatid.

Matagal nang **kristo** sa sabungan si Gorio at iyon ang pangunahing ikinabubuhay ng kanilang pamilya.

Samantala, si Perpetua ay araw-araw na nagkakayas ng mga walis na ipinagbibili niya sa mga karatig-bahay. Madalas din siyang sumama kay Gorio sa sabungan upang magtinda ng sigarilyo at kendi.

Hindi man kalakihan ang kanilang kinikita, sapat iyon upang maitawid ang pang-araw-araw na pangangailangan ng kanilang pamilya.

Anim na taong gulang pa lamang si Consuelo nang magsimula siyang sumama sa kanyang ina sa sabungan upang tumulong sa pagtitinda.

Sa murang edad, natutuhan na niyang magbilang ng pera at magsukli sa mga bumibili.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Ngunit hindi naging madali ang kanyang karanasan.

May mga pagkakataong kinukuha ng ilang lalaki ang kanyang mga panindang sigarilyo at kendi nang hindi nagbabayad. Minsan nama'y tinutukso siya ng mga ito hanggang sa mapaiyak siya.

"Huwag n'yo namang lokohin ang anak ko," saway ni Gorio sa mga lalaki habang naaawa sa umiiyak na si Consuelo.

Natahimik naman ang mga ito at ibinalik ang mga kinuha o kaya'y nagbayad sa kanyang paninda.

Samantala, si Eugenio ang naiiwan sa bahay upang alagaan ang bunsong kapatid nilang si Mariano.

Sa murang edad, natutuhan nina Consuelo at Eugenio ang kani-kanilang pananagutan.

Habang si Eugenio ay tumutulong sa pag-aalaga sa bunso, si Consuelo naman ay unti-unting natutong makibahagi sa paghahanapbuhay.

Hindi man nila ito nauunawaan noon, ang mga simpleng gawaing iyon ang unti-unting humubog sa kanilang pagiging matatag sa pagharap sa buhay.

**KABANATA 3**

**Ang Unang Manika**

Dumating ang pista sa kanilang bayan.

Maagang isinama ni Perpetua ang kanyang tatlong anak upang makipagpista sa bahay ng isang kamag-anak.

Masayang naglakad ang magkakapatid habang pinagmamasdan ang kasiyahan sa paligid. Matapos ang kanilang pagdalaw, napadaan sila sa isang **sedera** malapit sa palengke.

Noon lamang nakarating si Consuelo sa ganoong lugar.

Namangha siya sa dami ng mga paninda.

Ngunit sa lahat ng kanyang nakita, isang tindahan ang nakaagaw ng kanyang pansin.

Puro manika ang laman nito.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Iba't iba ang laki at kasuotan ng mga ito. Para kay Consuelo, tila iyon ang pinakamagagandang laruan na nakita niya sa buong buhay niya.

"Inay," marahan niyang tugon, "pwede po ba ninyo akong ibili ng isang manika?"

Napatingin si Perpetua sa anak.

Nais man niyang matupad ang hiling nito, alam niyang hindi sasapat ang perang dala niya.

"Pasensya ka na, anak," malumanay niyang sabi. "Kaunti lang ang pera natin ngayon. Hindi pa natin kayang bumili ng manika."

Ngunit bata pa si Consuelo.

Hindi pa niya lubos na nauunawaan ang hirap ng kanilang kalagayan.

Noon lamang siya humiling ng laruan sa kanyang ina.

Habang papalayo sila sa tindahan, hindi niya napigilang umiyak.

Hanggang sa pag-uwi nila ay hindi pa rin siya mapatahan.

Pagdating sa bahay, ikinuwento ni Perpetua kay Gorio ang nangyari.

"Manika ba ang gusto mo?" nakangiting tanong ni Gorio habang nilalapitan ang anak.

Tumango si Consuelo.

"Naku, halika rito. Igagawa kita ng manika—mas maganda pa sa nakita mo."

Biglang lumiwanag ang mukha ng bata.

"Talaga po, Tatay?"

"Oo, anak."

Agad na kumuha si Gorio ng itak at pumutol ng isang piraso ng kahoy na palapa na may pinakaulo. Pagkatapos ay kumuha siya ng lumang piraso ng tela mula sa dating damit ni Perpetua.

Tahimik na pinagmamasdan ni Consuelo ang bawat kilos ng kanyang ama.

Maingat nitong hinubog ang kahoy.

Inukitan ng mukha.

Binalot ng tela.

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Unti-unting nagkaroon ng anyo ang isang munting manika.

Hindi maalis ang ngiti sa labi ni Consuelo habang pinapanood ang kanyang ama.

Sa wakas, natapos din ang manika.

Masayang iniabot iyon ni Gorio sa kanyang anak.

"Ineng, narito na ang manika mo!"

Tuwang-tuwang tinanggap iyon ni Consuelo. Niyakap niya ang manika na para bang isa itong napakahalagang kayamanan.

"Nanay! May manika na po ako!"

Masaya niyang isinayaw-sayaw ang manika habang paikot-ikot sa kanilang bakuran.

Tahimik lamang na nakamasid si Perpetua.

May ngiti sa kanyang mga labi, ngunit bahagya ring namuo ang luha sa kanyang mga mata.

Hindi man nila kayang bilhin ang lahat ng nais ng kanilang mga anak, alam niyang sa pagmamahal at pagsisikap ng isang ama, may mga pangarap pa ring natutupad.

## KABANATA 4

### Ang Panaginip at ang mga Mangga

Araw-araw na masaya at buong pagmamalaking nilalaro ni Consuelo ang kanyang manika.

Ipinapakita pa niya ito sa ibang mga bata sa kanilang lugar.

Sa tabi ng kanilang bahay, gumawa siya ng maliit na bahay-bahayan mula sa mga palapa. Doon siya madalas maglaro ng nanay-nanayan kasama ang kanyang mga kaibigan.

Ngunit hindi nagtagal, biglang nagkasakit si Consuelo.

Ilang araw siyang nilagnat.

Sa paglipas ng mga araw, hindi pa rin siya gumagaling.

Halos dalawang linggo nang pabalik-balik ang kanyang lagnat.

Napatingnan na siya ng kanyang mga magulang sa doktor na dumarayo sa kanilang barangay. Naipagamot na rin siya sa isang albularyo, ngunit hindi pa rin siya gumaling.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*****************************************************************************************************

Labis na nag-aalala sina Gorio at Perpetua.

Isang gabi, habang nakahiga sa banig, marahang nagtanong si Consuelo sa kanyang ina.

"Inay, kapag po ba sumigaw ako nang malakas, maririnig ng Diyos ang dasal ko? Nasa langit po kasi Siya."

Napaluha si Perpetua sa inosenteng tanong ng anak.

Marahan niyang hinaplos ang noo nito.

"Anak, kahit mahina lang ang iyong dasal, naririnig iyon ng Diyos. Manalangin ka lang at humingi ka ng kagalingan."

Tumango si Consuelo.

Bago siya pumikit, taimtim siyang nanalangin.

Humiling siyang gumaling na sana siya.

Nang gabing iyon, nanaginip siya.

Sa kanyang panaginip, nakita niya ang isang matandang lalaki na may mahaba at maputing balbas.

Nakangiti ito habang nakatingin sa kanya.

"Anong gusto mo, anak?" malumanay nitong tanong.

"Gusto ko pong gumaling," masayang sagot ni Consuelo.

Sandali siyang nag-isip.

"At gusto ko rin po ng... hinog na mangga."

Biglang bumukas ang kalangitan.

Mula roon ay bumuhos ang napakaraming hinog na mangga.

Masaya itong sinalo ni Consuelo gamit ang kanyang maliliit na mga kamay.

Ngunit patuloy pa ring dumarami ang mga mangga.

"Tama na po," natatawa niyang sabi.

"Hindi ko na po kayang dalhin."

*****************************************************************************************************

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

*****************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VIII, Issue I**
**August 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************
Ngunit patuloy pa ring bumabagsak ang mga mangga habang nakangiti lamang ang matandang lalaki.

Maya-maya ay nagising si Consuelo.

"Inay!" agad niyang tawag.

"Nasaan na po ang mga mangga ko?"

Napangiti si Perpetua.

"Anong mangga, anak? Nanaginip ka lang."

"Marami po akong mangga! Ibinigay po sa akin ng matandang lalaki. Ang dami-dami po, nahuhulog na nga sa mga kamay ko."

Habang nagsasalita ang bata, hinawakan ni Perpetua ang noo at leeg nito.

Bigla siyang napangiti.

Wala na ang init ng katawan ng anak.

"Anak..." nangingilid ang luha niyang sambit.

"Wala ka nang lagnat."

Mahigpit niyang niyakap si Consuelo.

"Salamat sa Diyos. Pinagaling ka Niya."

Mahigpit ding yumakap si Consuelo sa kanyang ina.

Hindi pa niya lubos na nauunawaan ang nangyari.

Ngunit dama niya ang saya at ginhawang bumalot sa kanilang munting tahanan.

**Kinaumagahan, masayang ikinuwento ni Perpetua kay Gorio ang panaginip ni Consuelo at ang bigla nitong paggaling.**

"Maraming salamat sa Diyos," nakangiting sabi ni Gorio habang niyayakap ang kanyang asawa. "Magaling na ang anak natin."

Muling naging masigla si Consuelo.

Kinaumagahan, naisipan ni Gorio na ayusin ang maliit na bahay-bahayan ng anak. Habang inili020ligpit niya ang mga palapa sa may bungad nito, bigla siyang napahinto.
****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

"**Tuwa!**" malakas niyang tawag.

"Parito ka!"

Agad na lumapit si Perpetua.

Pagdating niya, kapwa sila napatingin sa **tatlong malalaking hinog na manggang** nakatumpok sa bungad ng bahay-bahayan.

Nagkatinginan ang mag-asawa.

Hindi nila alam kung sino ang nag-iwan ng mga iyon.

Noong una ay nag-alangan silang ipakain ang mga mangga sa kanilang mga anak.

Ngunit naisip nilang marahil ay may mabuting layunin ang nagbigay ng mga iyon.

Kaya pinagsaluhan ng buong pamilya ang mga mangga bilang ulam sa kanilang kanin.

Hindi na nila iyon muling pinag-usapan.

Ngunit sa kaibuturan ng kanilang mga puso, hindi nila malilimutan ang panaginip ni Consuelo at ang tatlong manggang dumating kinaumagahan.

**KABANATA 5**

**Ang Unang Hakbang sa Pangarap**

Mabilis na lumipas ang  taon.

Pitong taong gulang na si Consuelo.

Panahon na upang pumasok siya sa unang baitang.

Maaga siyang nagising sa unang araw ng pasukan.

Masaya siyang naligo at naghanda.

Maingat siyang binihisan at sinuklayan ni Perpetua.

"Anak, galingan mo sa paaralan," nakangiting bilin ng kanyang ina.

Editorial Team
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

"Opo, Inay," masiglang tugon ni Consuelo.

Kasabay niyang naglakad patungong paaralan ang kanyang kuya na si Eugenio.

Masigla siyang naglalakad habang iniisip ang mga bagong kaibigang kanyang makikilala at ang mga bagay na kanyang matututuhan.

Nagsimula ang seremonya ng pagtataas ng watawat.

Tahimik siyang pumila kasama ng iba pang mga mag-aaral sa unang baitang.

Pinagmasdan niya ang kanyang mga magiging kaklase.

Napansin niyang karamihan sa kanila ay nakasuot ng bagong damit.

May mga bagong bakya ang mga batang babae at bagong tsinelas naman ang mga batang lalaki.

Napatingin siya sa kanyang sarili.

Suot niya ang isang lumang bestidang naging maikli na para sa kanyang tangkad.

Ang kanyang bakya ay pudpod na at halos nakataas na ang harapan nito kaysa sa sakong.

May mga bagong bag din ang kanyang mga kaklase.

Samantalang ang dala niya ay isang plastik na supot na naglalaman ng ilang pirasong papel, isang maliit na lapis, isang kuwaderno, at isa pang malaking plastik na magsisilbing panangga sa ulan kung kinakailangan.

Ngunit hindi iyon naging hadlang sa kanyang pananabik.

Masaya siyang pumasok sa kanyang silid-aralan.

Sa murang isip ni Consuelo, hindi mahalaga kung bago man o luma ang kanyang suot.

Ang mahalaga ay mabigyan siya ng pagkakataong makapag-aral.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

**KABANATA 6**

**Ang Lapis, ang Papel, at ang mga Pangarap**

Masiglang pumapasok sa paaralan si Consuelo araw-araw.

Mabilis siyang matuto sa mga aralin, lalo na sa pagbabasa at pagsusulat.

Masaya siyang naglalakad patungo sa paaralan habang marahang umaawit.

Kahit wala siyang baong pera para sa **recess**, hindi siya nagrereklamo.

Madalas ay kaning may sabaw ng mantika ng baboy at kaunting asin lamang ang kanilang baon. Kung minsan naman, bukayo ang nagsisilbi nilang ulam sa kanin.

Kapag wala silang baong pananghalian ng kanyang kuya, tumatakbo silang pauwi sa tanghali upang tingnan kung may naiuwing pagkain ang kanilang ina.

Kapag may ipinamamahaging biskuwit sa paaralan, sinasabi ni Gng. Belen sa kanyang mga kaklase na ibigay na lamang kay Consuelo ang makapal na plastik na pinaglagyan ng mga ito, dahil wala siyang bag.

Napansin ni Gng. Belen ang sipag at tiyaga ni Consuelo sa pag-aaral.

Hindi man siya mayaman, lagi niyang sinisikap na magawa ang bawat gawaing ibinibigay sa klase.

Isang hapon, pauwi na si Gng. Belen at nakasakay na sa isang jeep nang mapansin niyang humahabol si Consuelo habang kumakaway sa kanya. Kaagad niyang pinatigil ang jeep, sa pag-aakalang may mahalagang sasabihin ang bata.

Paglapit ni Consuelo, hingal na hingal ito at halos hindi makapagsalita.

"Consuelo, bakit mo ako hinabol?" tanong ng guro.

Ilang sandali pa bago nakasagot ang bata.

"Ma'am... ano po ulit ang dadalhin bukas?"

Napakunot ang noo ni Gng. Belen, ngunit napangiti rin.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com
************************************************************************************************************
"Basahan."

Nagtawanan ang mga pasahero sa jeep.

Napatawa na rin si Gng. Belen.

Hindi niya akalaing hahabulin pa siya ng isang mag-aaral para lamang itanong ang tungkol sa isang basahan.

Sa loob ng silid-aralan, isa pa sa kinahihiligan ni Consuelo ang pagbigkas ng tula.

Madali niyang nasaulo ang **"Sa Aking mga Kababata"** ni Jose Rizal.

Buo ang kanyang loob sa tuwing siya ay tumutula sa harap ng klase.

Hindi siya nahihiya kahit maraming nanonood na kapuwa mag-aaral, guro, at mga magulang.

Madalas siyang pinupuri ni Gng. Belen dahil sa kanyang husay sa pagbigkas.

Ngunit nananatiling suliranin ni Consuelo ang kakulangan ng papel at lapis.

Kaya gumawa siya ng paraan.

Tuwing uwian o walang pasok, umaakyat siya sa mga puno ng sampalok, mangga, at sineguelas upang mamitas ng mga bunga.

Ipinagbibili niya ang mga ito sa kanyang mga kaklase kapalit ng papel at kaputol na lapis.

Kung minsan, naloloko siya ng ilang bata. Kinukuha nila ang mga bunga at saka tumatakbo nang hindi nagbabayad.

Ngunit hindi siya pinanghinaan ng loob.

Kinabukasan, muli siyang umaakyat sa puno.

Muli siyang nagsisikap.

Dahil sa sobrang ikli ng mga kaputol na lapis na nakukuha niya, halos hindi na niya iyon mahawakan.

************************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
************************************************************************************************************

Kaya kumuha siya ng isang pirasong papel, ibinilot ito sa dulo ng lapis, at itinali gamit ang isang pirasong tali upang muli niya itong magamit sa pagsusulat.

Isa rin sa mga paraan niya upang makakuha ng papel at lapis ay ang pagkukuwento.

Madalas niyang ikuwento sa kanyang mga kaklase ang mga kuwento tungkol sa mga prinsesa at prinsipe na natutuhan niya kay Mang Gorio.

Kapalit ng kanyang mga kuwento, binibigyan siya ng kanyang mga kaklase ng papel o kaputol na lapis.

Ngunit dahil mahilig siyang magkuwento, hindi rin niya maiwasang maging madaldal kung minsan sa klase.

Isang araw, nahuli ng kanilang guro si Consuelo at ang kanyang kaklase habang abalang nagkukuwentuhan sa oras ng klase.

Bilang parusa, pinagdugtong ng kanilang guro ang kanilang mahahabang buhok na nakatirintas.

Maghapon silang magkatabing naglakad at nag-aral hanggang sa uwian.

Pag-uwi niya nang araw na iyon, ikinuwento niya sa kanyang kuya Eugenio ang nangyari sa paaralan. Nauwi na lamang sa tawanan ng magkapatid ang kakaibang parusang natanggap niya.

Sa kabila ng lahat, hindi nawala ang kanyang saya sa pag-aaral. Para kay Consuelo, ang bawat kaputol ng lapis, bawat piraso ng papel, at bawat araw na makapasok sa paaralan ay isang hakbang palapit sa kanyang mga pangarap.

Minsan, tinanong siya ni Gng. Belen sa klase.

**"Consuelo, ano ang pangarap mong maging balang araw?"**

Walang pag-aalinlangan siyang sumagot.

**"Guro po, Ma'am. Gusto ko po kasing maging katulad ninyo—isang mahusay na guro."**

Napangiti si Gng. Belen.

Editorial Team
Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan
Associate Editor: Andro M. Bautista
Managing Editor: Raymart O. Basco
Web Editor: Nikko C. Panotes
Manuscript Editors / Reviewers:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume VIII, Issue I**
**August 2026**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
************************************************************************************************************

**"Pagbutihin mo ang pag-aaral mo, Consuelo. Naniniwala akong maaabot mo ang pangarap mo."**

Napangiti rin si Consuelo.

Sa murang isip niya, hindi pa niya alam kung gaano kahaba at kahirap ang landas na kanyang tatahakin.

Ngunit sa araw na iyon, malinaw na sa kanyang puso ang pangarap na minsang ipinahayag niya sa harap ng kanyang guro.

**KABANATA 7**

**Ang Huling Regalo ni Tatay**

Papalapit na ang pagtatapos ng unang baitang ni Consuelo.

Sa mga panahong iyon, unti-unti nang napapansin ng mga tao ang panghihina ng katawan ni Gorio. Madalas siyang mapagod at tila may iniindang karamdaman. Ngunit dahil bata pa si Consuelo, hindi niya iyon lubos na nauunawaan.

Isang araw, napansin ni Consuelo ang dalawang pares ng bagong bakya sa kanilang kabinet.

Kinuha niya ang mga ito at isa-isang isinuot.

Kasya ang mga ito sa kanyang mga paa.

Labis ang kanyang tuwa.

Sa wakas, mapapalitan na rin ang kanyang lumang bakya na halos nakataas na ang harapan kaysa sa sakong.

*"Ito pala ang iniuwi ni Tatay kahapon,"* masaya niyang naisip. *"Gusto pala niya akong sorpresahin."*

Agad niyang hinanap ang kanyang ama.

Nasa labas ito ng bahay at abala sa pagpapakain ng mga alagang manok.
************************************************************************************************************

**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
************************************************************************************************************

Bitbit ang dalawang pares ng bakya, masaya siyang lumapit.

**"Tatay, ibinili n'yo po pala ako ng bagong bakya! Ang gaganda po... dalawa pa! Maraming salamat po!"**

Masaya niya itong niyakap.

Sandaling natahimik si Gorio.

Halatang nahihirapan siyang magsalita.

**"Anak..."** mahina niyang wika.

**"Hindi sa iyo ang mga iyan."**

Napatingin si Consuelo sa ama.

**"Regalo ko ang mga iyan kina Natie at Levie. Malapit na kasi ang kanilang kaarawan. Ngayon lang ako nagkaroon ng pagkakataong mabigyan sila."**

Tahimik na yumuko si Consuelo.

Sina Natie at Levie, na mga apo ni Gorio sa una nitong asawa, ay mga kalaro ni Consuelo at halos kasabay niyang lumaki.

Lumapit si Gorio at marahang hinaplos ang ulo ng anak.

**"Hayaan mo, anak. Sa susunod kong sahod, ikaw naman ang ibibili ko."**

Tumango si Consuelo.

Ngunit kahit pilit siyang ngumiti, hindi niya maitago ang munting tampo sa kanyang puso.

Ayaw niyang makita iyon ng kanyang ama.

Kaya nang mapag-isa siya, tahimik na lamang siyang umiyak.

Lumipas ang ilang araw.

Isang hapon, pauwi na mula sa paaralan sina Eugenio at Consuelo.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Pagdating nila sa kanilang bahay, nagtaka sila.

Maraming tao ang naroon.

Tahimik ang paligid.

Mababanaag ang lungkot sa mga mukha ng mga taong kanilang nakasalubong.

Pagpasok nila sa loob ng bahay, agad silang niyakap ni Perpetua.

Umiiyak ito.

Hindi pa rin nauunawaan ng magkapatid ang nangyayari.

Nakita nila si Gorio na nakahiga sa isang banig.

Naroon pa ang doktor sa tabi nito.

Sa pag-aakalang natutulog lamang ang kanilang ama, mabilis silang lumapit.

Niyakap nila ito.

**"Tatay... gising na po kayo,"** umiiyak na tawag nina Eugenio at Consuelo.

Ngunit nanatiling walang tugon si Gorio.

Unti-unti nilang naunawaan ang nangyari.

Lalong humagulgol ang magkapatid.

Mahigpit silang niyakap ni Perpetua.

Wala na silang nagawa kundi yakapin ang isa't isa habang tahimik na lumuluha.

Sa araw na iyon, tuluyang nawala ang haligi ng kanilang tahanan.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

**KABANATA 8**

**Ang Pangakong Hindi Bibitiw**

Naging mas mabigat ang buhay ng pamilya matapos pumanaw si Gorio.

Ngunit hindi pinanghinaan ng loob si Perpetua.

Alam niyang kailangan niyang magpatuloy para sa kanyang mga anak.

Hindi na siya muling nagtinda sa sabungan.

Sa halip, ipinagpatuloy niya ang pagtitinda ng panutsa at bukayo, gayundin ang pagkakayas at pagtitinda ng mga walis. Nagkaroon din siya ng maliit na puwesto sa palengke upang kahit paano ay maitaguyod ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan.

Dahil dito, madalas na lumiliban sa klase si Consuelo upang tulungan ang kanyang ina sa pagkakayas ng walis, pagtitinda, at pag-aalaga sa bunsong kapatid na si Mariano.

Sa kabila ng mga pagliban, patuloy siyang nakapagtatapos ng bawat baitang.

Lumipas ang mga taon.

Nasa ikaanim na baitang na si Consuelo.

Samantala, nasa unang baitang naman si Mariano.

Pagkatapos makatapos ng elementarya, pinili naman ni Eugenio na tahakin ang sariling landas. Nagsimula siyang magtrabaho sa mga baklayan at bihira na lamang umuwi sa kanilang tahanan. Maraming payo at pangaral ang ibinigay ni Perpetua sa kanyang anak, ngunit pinili pa rin ni Eugenio na sundin ang landas na nais niyang tahakin. Ang paglayo ni Eugenio sa kanilang pamilya ay naging isa sa mga pinakamabibigat na kalungkutang dinanas ni Perpetua.

Si Consuelo naman ay nanatiling katuwang ng kanyang ina sa paghahanapbuhay.

Kapag naman tinatamad pumasok si Mariano, kinakarga niya ito sa kanyang likod upang maihatid lamang sa paaralan.

Halos si Consuelo na rin ang nag-alaga at nagpalaki sa bunsong kapatid dahil laging abala si Perpetua sa paghahanapbuhay.

Isang Sabado ng umaga, maagang pinaghanda ni Perpetua sina Consuelo at Mariano.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

# INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*

Nagtaka si Consuelo.

"Inay, saan po tayo pupunta?"

"Mamamasyal tayo, anak," nakangiting sagot ni Perpetua.

"Gusto kong maranasan ninyo ni Mariano ang makasakay sa tren."

Lalong nagtaka si Consuelo.

Bihira silang mamasyal.

Mula nang pumanaw ang kanilang ama, halos bawat araw ng kanilang buhay ay inilaan na lamang sa paghahanapbuhay at pag-aaral.

Ngunit nang araw na iyon, kakaiba ang sigla sa mukha ng kanyang ina.

Habang tinatahak ng tren ang kanilang biyahe, masaya niyang pinagmamasdan ang mga tanawin sa labas ng bintana. Naglalakihang punongkahoy, luntiang palayan, at maliliit na kabahayan ang sunod-sunod na dumaraan sa kanyang paningin. Paminsan-minsan ay napapangiti siya habang pinagmamasdan ang mga batang naglalaro sa mga bakuran at ang mga magsasakang abala sa kanilang bukirin. Hindi man niya alam kung saan sila pupunta, sapat na ang makita niyang masaya ang kanyang ina upang mapuno rin ng pananabik ang kanyang puso.

Matapos ang halos isang oras na biyahe sa tren, bumaba sila sa isang bayan sa karatig na lalawigan.

Mula roon ay naglakad pa sila nang ilang minuto hanggang marating ang isang parke sa tabi ng lawa.

Namangha ang magkapatid sa ganda ng tanawin.

Ibinili sila ni Perpetua ng banana cue at tig-iisang baso ng malamig na inumin.

Pagkatapos ay naupo silang tatlo sa isang mahabang bangko habang tahimik na pinagmamasdan ang lawa.

Paminsan-minsan ay napapatingin si Consuelo sa kanyang ina.

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

Ngumingiti ito, ngunit bakas pa rin sa kanyang mukha ang lungkot na matagal na niyang pasan.

Matagal na katahimikan ang namayani.

Maya-maya'y marahang nagsalita si Consuelo.

**"Inay... nasa langit na po ba si Tatay?"**

Bahagyang tumango si Perpetua.

**"Oo, anak."**

Sandaling nag-isip si Consuelo bago muling nagtanong.

**"Nakikita po ba niya tayo ngayon?"**

Muling tumango si Perpetua.

May ngiti sa kanyang mga labi, ngunit may mga matang nagkukubli ng lungkot.

Tahimik siyang tumingin sa malawak na lawa, wari'y may mga alaalang muling bumalik sa kanyang isipan.

Wala nang ibang sinabi si Consuelo.

Marahan niyang niyakap ang kanyang ina.

Sa murang isip niya, may isang pangakong tahimik na nabuo.

Hindi niya iiwan ang kanyang ina at ang kanyang bunsong kapatid.

Tutulungan niya ang kanyang pamilya sa abot ng kanyang makakaya.

**Sapagkat sila ang pinakamahalaga sa kanyang buhay.**

At anuman ang mga pagsubok pang darating, alam niyang magkasama nilang haharapin ang mga iyon.

**Wakas**

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
****************************************************************************************************

INSTABRIGHT e-GAZETTE
ISSN: 2704-3010
Volume VIII, Issue I
August 2026
Available online at https://www.instabrightgazette.com

**TALA NG MAY-AKDA**

*Ang akdang ito ay hango sa tunay na kuwento ng aking ina. Sa tuwing ikinukuwento niya ang kanyang kabataan, hindi ko maiwasang mapansin ang kakaibang timpla ng kanyang damdamin—may mga bahaging napapaiyak siya, at may mga bahaging napapangiti. Ang bawat alaalang ibinahagi niya ang naging inspirasyon sa pagsulat ng kuwentong ito.*

**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan **Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco **Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza